# CANORECO *Balita*

*"Ito ay atin, Pangalagaan natin"*

The Official Publication of **CAMARINES NORTE ELECTRIC COOPERATIVE, INC.**
Talisay, Camarines Norte

AGMA ISSUE
September 14, 2024


## 41ST AGMA NG CANORECO, GAGANAPIN SA SEPTEMBER 14, 2024




Gaganapin ang **41st Annual General Membership Assembly (AGMA)** ng CANORECO sa **September 14, 2024**, araw ng Sabado, mula 1:00 ng hapon sa **Camarines Norte State College** na sabay na mapapanood Live sa Official Facebook Page na **Canoreco**.

Ang mga panauhin ay ang Member Consumer Owner (MCO) Organization Officers, CANORECO Board of Directors, General Manager at Employees. Ang paksa ng palatuntunan ngayong taon ay **"CANORECO Striving Towards Excellence for the Betterment of Member Consumer Owners ".**

**I. Ano ang AGMA?**

Ang AGMA ay ang taunang pagpupulong ng mga Member Consumer Owner (MCO) ng isang electric cooperative.

**II. Ano ang ginagawa sa AGMA?**

Ang Lupon ng mga Direktor at ang pamunuan ng CANORECO ay naguulat tungkol sa operasyon ng kooperatiba sa aspetong pinansyal, teknikal at institusyonal ng nakaraang taong 2023. Ang agenda ng pagpupulong ay ang mga sumusunod:

A. Pagtakda ng Quorum at Pagbasa ng Proof of Publication
B. Ulat ng Pangulo
C. Ulat ng Ingat-Yaman
D. Ulat ng Pangkalahatang Tagapamahala — **"State of the EC Address" (SECA)**
E. Malayang Talakayan
F. Panunumpa sa Tungkulin ng mga Bagong Halal na Opisyales ng Lupon
G. Panunumpa sa Tungkulin ng mga Bagong Halal na Opisyales ng Organisasyon ng MCO

Kikilalanin at bibigyan din ng parangal ang mga personalidad at institusyon na may mahalagang naiambag sa kooperatiba noong taong 2023.

**III. Ano ang kahalagahan ng AGMA?**

Sa pagdalo sa AGMA nabibigyan ng kahalagahan ang partisipasyon ng mga MCO bilang miyembro ng kooperatiba. Ang pagdalo dito ay isa rin sa mga kwalipikasyon para maging isang Direktor ng kooperatiba. Kasama rin ang AGMA attendance sa Key Performance Standard na basehan ng NEA sa pagtukoy ng categorization ng isang kooperatiba.

**IV. Sino ang kwalipikadong MCO ng kooperatiba?**

Lahat ng MCO ay maaaring magparehistro para sa AGMA ng kooperatiba. Sila yung mga nagpakabit ng kuntador sa kanilang pangalan at nagbayad ng Php5.00 na membership fee. Para naman sa mga nagpakabit ng kuntador sa kanilang pangalan pero hindi pa isang MCO, magbayad lamang ng Php5.00 membership fee, dumalo sa Pre-Membership Seminar at magsumite ng kaukulang requirements sa kooperatiba para makapagparehistro sa AGMA.

Magsasagawa ng online registration sa mismong araw ng AGMA at ang pamamaraan kung paano ito isasagawa ay iaanunsyo sa Facebook Page ng CANORECO.

**V. Ano ang ipaparipa sa AGMA?**

Sa taunang AGMA ng kooperatiba, ang parating pinakaaabangan ng mga MCO ay ang paripa na isinasagawa sa pamamagitan ng electronic raffle habang nagpupulong.

Para sa raffle ngayong taon, kasali ang mga nakapagparehistrong MCO ng CANORECO maliban sa mga opisyal at mga empleyado ng kooperatiba at kanilang asawa.

Isang raffle entry lamang mayroon ang isang MCO kahit pa mahigit sa isa ang bilang ng kanyang pagmamay-aring kuntador. Dahil dito, ang account name mismo ng MCO ang tatawagin sa raffle at hindi ang kanyang account number.

Gaganapin ang raffle sa araw mismo ng AGMA sa September 14, 2024 mula 1:00 ng hapon. Ito ay mapapanood Live sa Official Facebook Page ng kooperatiba na "Canoreco". Ang mga mapapanalunang prizes ay ang mga sumusunod:

**Major Prizes**:

> Php50,000 cash (1 Winner bawat bayan)

**Minor Prizes**:

- Php10,000 cash (2 winners bawat bayan)
- Php6,000 cash (3 winners bawat bayan )
- Php4,000 cash (3 winners bawat bayan)
- Php3,000 cash (3 winners bawat bayan)
- Php2,000 cash (3 winners bawat bayan)

Nasa 195 na masuwerteng MCO ang maaaring manalo kaya naman **Magparehistro, Manood at Manalo** sa ika-41 AGMA ng CANORECO!

## ELEKSYON PARA SA CANORECO DIRECTORS, GINANAP NOONG JULY 2024



Ang Camarines Norte Electric Cooperative, Inc. (CANORECO) ay nagkaroon ng District Elections para sa pagka-Direktor sa mga sumusunod na distrito at petsa: District I — Basud noong July 6, 2024 at District V — Talisay/San Vicente noong July 13, 2024.

Muling manunungkulan sina **Incumbent District Directors Ruel De Vera ng Basud** at **Bartolome Armin Nieva ng Talisay/San Vicente.**

Wala namang naganap na District Election sa Capalonga dahil walang tumakbo bilang Director sa nasabing distrito.

Nagpapasalamat ang pamunuan ng CANORECO sa mga Public Schools District Supervisors, Principals, Teachers, Barangay Officials, MCO Officers at CANORECO Employees na nag-serve bilang District Election Committees (DECOM) at Precinct Election Committees (PECOM).

Gayundin, nagpapasalamat ang pamunuan ng CANORECO sa **Department of Education—Division of Camarines Norte** sa patuloy na pagsuporta sa mga District Elections na isinasagawa ng kooperatiba.

At higit sa lahat, nagpapasalamat din ang kooperatiba sa mga Member Consumer Owners (MCOs) na tumutupad sa kanilang obligasyon at karapatang maghalal ng kanilang representante sa CANORECO Board of Directors.

**Congratulations sa mga bagong halal na District Directors at sa mga MCO ng CANORECO!**



## CANORECO Substations, Patuloy ang Automation


Patuloy ang pagsasakatuparan ng CANORECO sa automation ng mga substation ng kooperatiba sa pamamagitan ng **Supervisory Control and Data Acquisition (SCADA)** na ginagamit sa data acquisition, at monitoring at control ng system ng mga substation.

Matapos i-automate noong February 25, 2023 ang **Lag-on 20MVA Substation** sa Daet na nagdi-distribute ng suplay ng kuryente sa mga bayan ng Mercedes, Basud at San Lorenzo Ruiz, sa mga barangay ng Daet South, at ilang barangay ng Daet North, isinunod ng CANORECO noong April 14, 2024 ang automation ng **Calintaan 20MVA Substation** sa Talisay na nagdi-distribute ng suplay ng kuryente sa mga bayan ng Talisay at Vinzons, at ilang barangay ng Daet North.

Pinapalitan ng SCADA ang manual labor sa pagsasagawa ng electrical distribution sa mga distribution system na may mga automated equipment. Sa madaling salita, mina-maximize nito ang efficiency ng power distribution system.

Pinapabuti ng SCADA ang supply reliability. Nagsasagawa ito ng automatic monitoring, protecting at controlling ng iba't ibang equipment sa mga distribution system gamit ang mga Intelligent Electronic Device. Ibinabalik ng mga ito ang power service kahit may fault condition at pinapanatili rin ng mga ito ang desired operating conditions.

Isusunod ng CANORECO ang automation ng **Talobatib at Malatap Substations** sa Labo, **Tawig Substation** sa Paracale at **Sta. Rosa Substation** sa Jose Panganiban.




## Pagsasanay sa mga Kawani ng CANORECO, Patuloy

Ang Camarines Norte Electric Cooperative, Inc. (CANORECO) ay palaging nagsusumikap na mapagbuti ang serbisyo nito para sa mga Member-Consumer-Owners (MCOs).

Isa sa mga pagsasanay na isinasagawa ng CANORECO ay ang pagpapabuti ng teknikal na kaalaman ng mga Engineers at Linemen. Nag-organisa ng mga teknikal na seminar at workshop ang Kooperatiba gaya ng **Trouble Shooting and Rebanking of Distribution Transformer Seminar**, **Net Metering Seminar**, **Metering Technical Seminar** at **CPD Trainings**. Ang mga seminar na ito ay naglalayong palakasin ang kanilang kasanayan sa paghawak ng mga kagamitan at sistema na ginagamit sa operasyon ng Kooperatiba.

Ang CANORECO ay nagbigay din ng mga pagsasanay tulad ng **Customer Service Training**, **Personality Development Webinar** at **How to Implement Effective Complaint Management**. Ang mga empleyado ay tinuturuan ng tamang pakikitungo at pakikipag-usap sa mga consumers upang masiguro na ang bawat transaksyon ay kaaya-aya na karanasan para sa kanila.

Ang CANORECO ay hindi rin nagkukulang sa pagbibigay ng mga pagsasanay na naglalayon na palakasin ang pamamahala at liderato ng Kooperatiba. Nag-oorganisa naman ng **Psychological First-Aid and Counseling in the Organization** at **Effective Conflict Management** upang mahasa ang kakayahan ng mga supervisors sa pamamahala sa kanilang mga unit.





# EDITORIAL STAFF

**EDITOR-IN-CHIEF**
Lovely Marie Y. Occiano

**ASSOCIATE EDITOR**
Jux Kevin C. Magana

**WRITERS**
Lovely Marie Y. Occiano
Jux Kevin C. Magana

**LAYOUT ARTISTS**
Lovely Marie Y. Occiano
Jux Kevin C. Magana

**ADVISERS**
BOD President Allan V. Ojas, Vice President Bartolome Armin T. Nieva, Secretary Balbino S. Boral Jr. and Treasurer Engr. Fernando N. Cruz; Member Directors Melchor D. Antigua, Ruel S. De Vera, Engr. Benigno R. Elevado, Ariel F. Delos Reyes and Arwin A. Segundo; Caretaker Directors Engr. Edwin H. Lamadrid and Marcial P. Ferrer; General Manager Zandro R. Gestiada; Institutional Services Manager Mary Ann A. Moreno; and Member Services Chief Melissa S. Abogado.


CANORECO Balita AGMA issue is published annually by the Institutional Services Department (ISD) with office at Hotel Mega Star, Brgy. Itomang, Talisay, Camarines Norte

Website: www.canoreco.com.ph | Facebook: Canoreco

## Membership Sanitation, Muling Naisagawa ng CANORECO

Muling naisagawa ng CANORECO ang Membership Sanitation mula February hanggang June 2024 matapos ang anim na taon mula noong 2018. Ito ay dahil sa paghihigpit ng **Republic Act 10173 o Data Privacy Act of 2012**.

Bilang pagtalima sa mga probisyon ng nasabing batas, ang paglilinis ng membership records ng mga Member Consumer Owners (MCOs) ng CANORECO ay isinagawa sa pamamagitan ng pagbabahay-bahay upang alamin kung ang mga rehistradong MCOs ng kooperatiba ay active pa o deceased na. Pinayuhan din ang mga MCOs na magpa-change name na kung iba na ang gumagamit ng kuntador.

Sa loob ng limang buwan, napagalamang nasa 4,980 na membership records ang kinakailangan nang linisin sa kadahilanang deceased na ang rehistradong MCO ng CANORECO.





# CANORECO, Patuloy ang Pagsasagawa ng mga CSR Activities para sa mga MCOs at sa Camarines Norte



Bilang bahagi ng CANORECO 48th Founding Anniversary, nagsagawa ang mga kawani ng kooperatiba ng **Clean Up Drive** noong October 28, 2023 sa San Jose Beach, Talisay at noong May 25, 2024 naman sa Bagasbas Beach, Daet para naman sa CANORECO 48th Turnover Anniversary.



Nagsagawa naman ng **Adopt-A-School Program** noong October 13, 2023 sa Katutubo Elementary School, Brgy. Bakal, Paracale kung saan namigay ng snacks at school kits sa nasa 180 na mag-aaral mula Kinder hanggang Grade 6 at pitong (7) guro.




Nagsagawa rin ng **Adopt-A-School Program** noong May 17, 2024 sa Cagbalogo Elementary School, Brgy. Cagbalogo, Vinzons na mayroong 172 na mag-aaral mula Grade 1 hanggang Grade 6 na nakatanggap ng mga school supplies para sa kanilang pag-aaral sa susunod na Academic Year.

Nagsagawa ng **Tree Planting Activity** sa Sitio Mandulungan, Brgy. Gubat, Daet noong October 6, 2023 at sa Brgy. Manguisoc, Mercedes noong May 3, 2024 kung saan nakapagtanim ng mangrove seedlings katuwang ang **Department of Environment and Natural Resources (DENR)**.



Bilang bahagi ng **National Cooperative Month** at ng **National Mental Health Month**, nagsagawa ng **Feeding Program** noong October 20, 2023 sa San Ramon Elementary School, Brgy. San Ramon, San Lorenzo Ruiz na may 96 na mag-aaral mula Grade 1 hanggang Grade 6.



Nagsagawa ng **Bloodletting Activity** noong October 20, 2023 sa CANORECO Area 1 Office, Brgy.1, Daet katuwang ang **Philippine Red Cross — Camarines Norte Chapter**.

Sa pamamagitan naman ni CANORECO Director Arwin Segundo ng Mercedes, nakapag-sponsor ang kooperatiba ng **Medical Mission** noong February 21, 2024 sa Brgy. 1 Covered Court, Mercedes katuwang ang **RWN34**, **Sangguniang Kabataan (SK)** at **Sangguniang Barangay (SB) Council ng Barangay 1, Mercedes**, at **Mercedes Municipal Health Office**.

Bilang bahagi ng **Health & Wellness Program** ng **CANORECO Occupational Safety & Health Committee (OSHC)**, nagsasagawa ng libreng **Zumba Dance** para sa kawani at mga Member Consumer Owners (MCOs) kada Tuesday at Thursday mula 5:00 ng hapon sa tapat ng CANORECO Main Office, Brgy. Itomang, Talisay.

At bilang bahagi ng CANORECO 48th Founding Anniversary noong October 23, 2023, nagpa-raffle ng mga sumusunod na **Cash Prizes**: Php2,000, Php3,000, Php4,000, Php5,000, Php10,000 at Php20,000. Nasa 67 na masuwerteng MCOs ang nanalo.

CANORECO Balita
"Ito ay atin, Pangalagaan natin"

# CANORECO, 8 Taon Nang Category "AAA" EC

Sa inilabas ng **National Electrification Administration (NEA)** na resulta ng **Calendar Year 2023 Electric Cooperative (EC) Overall Performance Assessment and Size Classification** noong July 3, 2024 sa pamamagitan ng **NEA Memorandum No. 2024-30**, sa ikawalong magkakasunod na taon ay muling nakakuha ng **"AAA" (Triple A) Category EC** ang CANORECO.

Mula taong 2016 nang sunod-sunod na makuha ng CANORECO ang nasabing EC Category. Ang Triple A ("AAA") Award ang pinakamataas na ibinibigay ng NEA sa isang electric cooperative na gaya ng CANORECO na napanatili ang mga parameters na nakapaloob sa ibinigay ng NEA na kailangang maabot ng isang electric cooperative.

Samantala, nananatili pa rin ang kooperatiba na isang **Mega Large EC** na siyang pinakamalaking size classification (Mega Large, Extra Large, Large, Medium, Small) ng isang electric cooperative.

Sa 121 na electric cooperative sa buong bansa, kabilang ang CANORECO sa 88 EC na nakakuha ng Category "AAA". Nasa 8 EC ang nag-improve ang performance. At sa pitong (7) EC na itinuturing na "ailing EC", lima (5) ang nanatili sa kanilang Category mula 2022 hanggang 2023.

Layon ng **EC Overall Performance Assessment** na sukatin ang katayuang pinansyal, institusyonal at teknikal ng mga electric cooperative sa buong bansa upang matukoy ang credit worthiness, level of development, protection, empowerment at satisfaction ng mga Member Consumer Owners (MCOs), at upang itaguyod ang panagutan ng mga electric cooperative sa kanilang mga obligasyon.

Nagpapasalamat ang CANORECO sa lahat ng mga empleyado, mga direktor at mga MCO ng kooperatiba sa pakikipagtulungan upang magampanan ang misyon nito na makapagbigay ng mapagkumpitensya, maaasahan at mahusay na serbisyo ng kuryente na magpapaangat sa antas ng pamumuhay ng mga MCO ng Camarines Norte.

NATIONAL ELECTRIFICATION ADMINISTRATION
2023 EC OVERALL PERFORMANCE ASSESSMENT
As of December 31, 2023

| Electric Cooperatives | CATEGORIZATION | | SIZE CLASSIFICATION |
|---|---|---|---|
| | 2023 | 2022 | 2023 |
| Region V | | | |
| CANORECO | AAA | AAA | Mega Large |

# CANORECO, Tagumpay na Naipasa ang 1st Surveillance Audit sa 2nd Year ng ISO 9001:2015 Certification Nito



Matagumpay na magpapatuloy ang Camarines Norte Electric Cooperative, Inc. (CANORECO) sa pagiging sertipikado nito sa ISO 9001:2015 matapos ang 1st Surveillance Audit ng **TÜV Nord Philippines, Inc. (TÜV Nord)** sa tulong ng **Synergized Macro Solutions, Inc. (SMS)** noong ika-11 hanggang ika-12 ng Abril 2024 – isang taon matapos itong maging ISO-Certified noong Marso 2023. Ang pananatili ng prestihiyosong sertipikasyon na ito ay nagpapamalas sa dedikasyon ng CANORECO na maipagpatuloy ang pagbibigay-kalidad sa lahat ng aspeto ng operasyon nito.

Ang pagsusuri na isinagawa sa iba't ibang tanggapan ng CANORECO ay naglalayong tingnan muli ang kalidad ng mga proseso nito at kung nasusunod ang mahigpit na pamantayan ng ISO 9001:2015. Kabilang sa mga sinuri ang OGM, FSD, ISD, TSD, CSD, at A1 at A2 Offices ng kooperatiba.

Sinuri ng mga auditors ng TÜV Nord ang mga proseso ng kada tanggapan at naghanap ng mga pisikal na ebidensiya na magpapatunay na tumatalima ang mga kawani sa mga proseso ng kooperatiba, at kung naaayon pa rin ito sa pandaigdigang pamantayan sa pamamahala. Naibigay at naipakita ng mga tanggapang sinuri ang mga patunay ng pagsunod nito sa tamang pamamaraan at maayos na pagdodokumento.

Sa pagtatapos ng pagsusuri noong ika-12 ng Abril, pinuri ng Auditor ng TÜV Nord ang mga parangal na natanggap ng CANORECO mula sa National Electrification Administration (N.E.A.) at Philippine Rural Electric Cooperatives Association, Inc. (PHILRECA) na isang patunay sa dedikasyon ng kooperatiba na makapagbigay ng maayos na serbisyo. Gayundin, nagbigay rin sila ng mga suhestyon na maaaring mas magpaganda sa mga proseso na sinusunod ng kooperatiba.

Sa kabuuan, ang tagumpay ng CANORECO na mapanatili ang sertipikasyon sa ISO 9001:2015 ay patunay sa dedikasyon ng kooperatiba na patuloy na pagbutihin at pagandahin ang mga serbisyo na inihahatid nito para sa mga Member-Consumer-Owners.

# CANORECO Franchise Renewal Application, Naisumite na sa House of Representatives

Nakapagsumite na ang CANORECO ng **Application for Franchise Renewal** sa **Committee on Legislative Franchises ng House of Representatives** noong February 19, 2024. Personal itong dinala ni General Manager Zandro Gestiada kasama ang ilang manager at supervisor ng kooperatiba.


Ang mga dokumento ay binubuo ng tatlumpu't dalawang (32) set na may siyam na raan at walong (908) pahina ang bawat isa. Kada set ay mayroong tatlong (3) volume na naglalaman ng detalyadong profile ng CANORECO at ng komprehensibong ulat na nagpapakita ng kakayahan nito na maipagpatuloy ang pagbibigay ng serbisyong pangkuryente sa lalawigan ng Camarines Norte.

Ang pagsumite ng mga dokumentong ito ay nagpapakita ng dedikasyon ng CANORECO sa transparency, accountability at sa patuloy na pagpapahusay ng pagbibigay-serbisyo nito sa mga Member Consumer Owner ng Camarines Norte.

Ang proseso ng Franchise Renewal ay mahalaga para sa CANORECO sapagkat nais nitong maipagpatuloy ang pagiging bahagi ng pagpapaunlad sa mga tahanan, negosyo at komunidad sa buong lalawigan. Sa pagsumite ng mga dokumentong ito, nananatiling positibo ang pananaw ng kooperatiba at nananatiling matatag ang layunin nito na maghatid ng serbisyo ng kuryente.

Inaasahang susuriin ng Congress of the Philippines ang mga dokumentong isinumite sa kanila ng CANORECO. Ang pag-apruba rito ay magbibigay sa kooperatiba ng dalawampu't limang (25) taong prangkisa na maging distributor ng kuryente sa Camarines Norte. Habang naghahanda ang kooperatiba sa susunod na hakbang sa pag-renew ng prangkisa nito, makakaasa ang lahat na patuloy pa rin ang pagpapabuti ng serbisyo nito.

Nagpapasalamat ang CANORECO kina Camarines Norte **1st District Representative Josefina B. Tallado** at **2nd District Representative Rosemarie C. Panotes** sa patuloy na suporta sa Franchise Renewal Application ng kooperatiba, at sa mga Member Consumer Owners sa patuloy na pagtangkilik sa kooperatiba ng kuryente ng Camarines Norte.



# CANORECO SEP 2024, Sinisimulan Na



Sinisimulan na ang pag-aasikaso sa nasa 810 target household beneficiaries ng CANORECO sa **Sitio Electrification Program (SEP) 2024** na programa ng pamahalaan sa pamamagitan ng Department of Energy (DOE), National Electrification Administration (NEA) at Electric Cooperatives (ECs).

Ang mga benepisyaryo ng CANORECO para sa SEP 2024 ay ang mga sumusunod:

- Barangay Site, Lidong, Basud – 60 beneficiaries
- P-3 Santol, Old Camp, Capalonga – 20 beneficiaries
- P-2 Danayan, San Roque, Capalonga – 20 beneficiaries
- P-4, Tanauan, Capalonga – 29 beneficiaries
- Sitio Tabadiak, San Jose, Jose Panganiban – 58 beneficiaries
- P-5 Anus, San Pedro, Jose Panganiban – 13 beneficiaries
- P-6, Anameam, Labo – 60 beneficiaries
- P-5 Tagong Paraiso, Bagong Silang 1, Labo - 25 beneficiaries
- Barangay Site, Bautista, Labo – 24 beneficiaries
- P-6, Bayan-bayan, Labo – 12 beneficiaries
- P-3, Cabatuhan, Labo – 14 beneficiaries
- P-6, Talobatib, Labo – 60 beneficiaries
- P-4 Legaspi Kalantas Urban Poor, Tulay na Lupa, Labo – 22 beneficiaries
- P-1, Lalawigan, Mercedes – 21 beneficiaries
- P-2, Lalawigan, Mercedes – 14 beneficiaries
- P-7A Landing, Bagumbayan, Paracale – 20 beneficiaries
- Barangay Site, Bakal, Paracale – 60 beneficiaries
- P-1, Pinagbirayan Munti, Paracale – 30 beneficiaries
- P-4, Mangkasay, Paracale – 11 beneficiaries

P-5, Laniton, San Lorenzo Ruiz – 30 beneficiaries

- P-4, Daculang Bolo, San Lorenzo Ruiz – 30 beneficiaries
- P-3, Iraya Sur, San Vicente – 30 beneficiaries
- Mananap Falls, Fabrica, San Vicente – 17 beneficiaries
- P-3 Kagas, Caawigan, Talisay – 60 beneficiaries
- Pinagkab-An (Phase 2), Mangcayo, Vinzons – 20 beneficiaries
- P-5, Singi, Vinzons – 20 beneficiaries
- P-4, Calabagas, San Vicente – 30 beneficiaries

Malaking tulong ang nasabing programa sa mga nakatira sa mga lugar na malalayo sa mga existing na linya ng kuryente. Bukod sa libreng housewiring installation at labor, nasa Php255.00 lamang ang babayaran kumpara sa Php885.40 na bayarin ng isang baguhang regular applicant na magpapakabit ng isang residential kwh meter na may 5 outlets pababa. Ang programang ito sa Camarines Norte ay para sa nasa 810 na benepisyaryo.

Inaasahan na bago matapos ang taon ay mapapailawan na ang mga nasabing household beneficiaries.